Seattle City Light pahayagan ng kostumer: Light Reading
Marso-Abril 2011

Mula sa superintendente
Ang Seattle City Light ay sumuri ng higit 37,000 na metal na pangkalyeng poste ng ilaw at iba pang mga kagamitan. Isang aso ang nakoryente nang maapakan nito ang isang metal na plantsang panakip-lupa sa Queen Anne. Ang iba pang mga ulat ng posibleng boltahe sa ilang mga kagamitang metal na pangkalyeng poste ng ilaw ang humatong sa pagsuri ng palingkurang-bayan ng lahat ng metal na kagamitan ng ilaw sa kalye. May kabuuang 37,519 piraso ng kagamitan ang sinuri. Limampung-anim na poste ang natagpuang mayroong boltahe na 30 boltahe o higit pa at ang mga ito ay kaagad na tinanggalan ng enerhiya at kinumpuni.

Ipinabatid din ng palingkurang-bayan sa lahat ng mga komersyal, pangnegosyo, institusyonal, at pamahalaang entidad tungkol sa potensyal na pagkaroon ng *contact voltage* sa mga metal na posteng lampara na maaaring nakatayo sa kanilang lote. Hinikayat ng palingkurang-bayan ang mga ito upang ipasuri ang kanilang kagamitan upang matiyak ang kaligtasan ng publiko.

Noong Pebrero, nagprisinta kami sa alkalde at sa Seattle City Council ng pantapos na ulat hinggil sa mga resulta ng pagsusuri. Ang ulat na iyon ay nakalathala sa aming Power Lines blog sa www.seattle.gov/light. Mangyaring i-ulat ang anumang ilaw ng kalye na sa tingin ninyo ay maaaring hindi gumagana nang maayos. Tumawag sa amin sa 206.684.7056

Gumamit ng insulasyon upang makatipid
Hinahadlangan ng insulasyon sa kisame ang pagkawala ng init sa *attic*, ngunit paano ang pintuan ng *attic*? Kapag ito'y walang insulasyon at walang selyo ng *weather stripping*, maaari kayong mawalan ng hanggang 25 porsyento ng init sa lagusang ito. Para sa karagdagang tip, bisitahin ang visit www.seattle.gov/light/atticdoor o tumawag sa City Light sa 206.684.3800.

Dumarating ang pangkomunidad na solar
Ang mga pangkomunidad na proyektong solar na koryente ay nagkakaloob ng enerhiya at pakinabang na pinansiyal sa mga taong gumagamit ng mga ito. Sa pakikipagtulungan sa Seattle Parks, ang City Light ay magtatalaga ng aming kauna-unahang pangkomunidad na proyektong solar sa Jefferson Park ngayong tag-init na may solar panels sa bagong pampicnic na silungan.

Sa inyong purok: Nagtatrabaho ang City Light
Ang aming mga tauhan ay nasa mga lugar na ito:
- Alaska Way Viaduct, 1st Ave. S.: paghahanda para sa paglilipat ng mga linya ng kuryente at pagtatrabaho ng paagusan ng gusali sa papuntang timog na daanan ng 1st Ave. S. Sa Marso, ang mga tauhan ay magtatrabaho sa pagitan ng Yesler Way at S. Washington St; sa buwan ng Abril at Mayo, sa pagitan ng S. Washington St at S. Main St;
- Magnolia Bluff: ang mga pang-ilalim na elektrikal na kable ay lalagyan ng proteksiyong silicone upang pahabain ang buhay ng kable;
- Fremont: Pagpapalawak ng pang-ilalim-lupang serbisyong elektrikal sa pagitan ng Troll Ave. N. at Stone Way N. sa N. 34 St

Para sa mga detalye, bisitahin ang aming Web page ng mga proyektong pangkonstruksyon at i-click ang pulang senyas: www.seattle.gov/light/construction

Mga balitang City Light
Subaybayan kami sa Twitter (www.twitter.com/SeaCityLight); ang aming mga Power Lines blog

(www.seattle.gov/light); at ngayon sa Facebook. Kung mayroon na kayong Facebook account, hanapin ang City Light, i-click ang "like"na opsyon, at tumanggap ng balita kapag ang mga aytem na ito ay nailathala sa aming Facebook page.

Ang aming report kard
Nasa ibaba ang 2010 tsart ng pagganap ng City Light. Ito ay nagpapakita ng iilan sa aming mga layunin sa 2010 at mga nagawa. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Customer Care, 206.684.3111, o mag-email sa kelly.enright@seattle.gov.

Ang Gawain	Layunin	Naisakatuparan sa 2010
Porsiyento ng mga tawag na natugunan ng isang tao sa loob ing isang minute	80%	72%
Pagkawala ng koryente (hindi dulot ng bagyo)	Isang pagkawala ng korye o mas mababa	Isang pagkawala ng koryente
Tagal ng pagkawala ng koryente (hindi dulot ng bagyo)sa bawa't kustomer bawa't taon	50 minuto o mas mababa	74.4 minuto
Bilang ng reklamo sa bawa't 1,000 kustomer	0.5	.10
Porsiyento ng pagkakamali sa bayarin	5%	3.16%
Kasiyahan ng kustomer sa mga engineering at field na serbisyo	Sa antas na 1-5, 3.58	3.1
Panahon na kailangan upang makagawa ng mga pang-residensyal na elektrikal na koneksyon kung saan nangangailangan ng mga field na serbisyo	60 araw	35 araw
Mga natipid dahil sa pangangalaga (lahat ng kustomer)	Humigit-kumulang 12.3 megawatts	Humigit-kumulang 15.3 megawatts ang natitipid, na sapat upang mabigyan ng koryente ang humigit-kumulang 14,500 bahay

Impormasyon tungkol sa Seattle City Light
700 Fifth Avenue, Suite 3200
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
Ang mga katanungan, komentaryo at suhestiyon ay maaaring i-e-mail sa respond.scl@seattle.gov o itawag sa 206.684.3000.